

PROLOGUE

Namumugto na ang mga mata ni Nadia at halos ubos na ang luha niya sa kaiiyak. Sa araw na ito sana ay siya ang nakatakdang maging pinakamagandang babae sa buong Santa Josefa. Pero taliwas ito sa kasalukuyan niyang hitsura.

Laspag ang makeup, nawawala ang isang pares ng sapatos at halos punit-punit na ang suot na traje de boda.

Today was her wedding day. Pero heto siya at nakaupo sa isang maliit na kutson na nakalatag sa sahig. Para sa kanya ay mabuti na iyon kaysa kaninang umaga. Kanina ay may busal siya sa bibig at sumasakit na ang parte ng mga kamay niya na nakikiskis sa posas. Kahit papaano ay tinatamasa niya ang kaunting ginhawa, pero hindi niyon maalis ang kanyang pangamba.

Pinagmasdan niya ang isang tray na may lamang kanin at piniritong manok sa kanyang harapan. Kanina pa ito inihatid ng isang lalaki na naka-bonnet, pero mapapanis na lang siguro ang pagkain na iyon ay wala siyang balak tikman iyon.

Kung anuman ang nais ng taong dumukot sa kanya ay wala itong mahihita. She would never cooperate: iyon ang pangako niya sa sarili.

Nakaalis sa bahay ang dalaga ng alas nueve ng umaga sakay ang wedding car. Pero hindi na siya umabot sa simbahan dahil

hinarang sila ng isang itim na kotse.

May lalaking lumabas mula roon at tinutukan sila ng baril. Hinablot siya nito at saka siya pinatulog gamit ang isang panyo na sa tingin niya ay may chloroform.

Hindi na niya alam ang nangyari sa kaibigang si Jane na maid of honor niya at sa driver niyang si Kiko na mga kasama niya sa kotse. Buong puso niyang pinagdarasal na ligtas ang mga ito.

Sumagi rin sa isip niya ang hitsura ng kanyang nobyo na naghihintay sa mga oras na iyon sa simbahan. Malamang ay nag-aalala na ito nang husto.

Isa pang bumabagabag kay Nadia ay ang kalagayan ng ama niya. Sana ay hindi ito inatake noong nalaman nito ang nangyari sa kanya. Sana ay ligtas ito ngayon.

Umaapaw ang galit sa dibdib niya kapag naiisip ang maaaring mangyari sa ama, ngunit ano naman ang magagawa niya ngayon?

Isa pang nagpapasakit ng kanyang loob ay nakidnap siya nang hindi alam ang kadahilanan. Kung sino ang may utos at kung bakit pa sa araw mismo ng kanyang kasal.

Binalak niyang tanungin ang lalaking naka-bonnet kung bakit siya dinukot, ngunit hindi naman ito sumagot. She couldn't help but feel more distressed.

Sinulyapan ni Nadia ang maliit na bintana sa itaas na bahagi

ng dingding ng kuwarto. Madilim na sa labas. Sa tingin niya ay lampas walong oras na siyang naroon.

Paano kaya siya makakatakas? O may pag-asa pa ba siyang mabuhay?

Natigil siya sa pag-iisip nang bumukas ang pinto ng silid. Isang lalaki ang pumasok at naka-bonnet din ito. Sa tantya niya ay hindi ito ang lalaki na nagdala sa kanya ng pagkain kanina. Maaari kayang ito ang mastermind sa pagpapadukot sa kanya?

“S-sino ka? Ikaw ba ang nagpadukot sa akin?” Nanginginig ang mga labi niya sa pagtatanong.

“Hindi kita pinadukot.” Bahagya itong lumapit sa kanya. “Ako mismo ang dumukot sa iyo, Nadia.”

Nanginig siya nang malamang ito ang lalaking humablot sa kanya mula sa kotse. Sa pagkakaalala niya ay napakalakas nito at walang awa. “Bakit mo ako dinukot? Kung pera ang gusto mo, wala kang makukuha sa akin!”

Tumawa ang lalaki. Nakakaloko ang tono ng halakhak nito. Tila ba isang joke ang nasabi niya kanina. “Hindi ko kailangan ng pera mo! *Ikaw* mismo ang kailangan ko.” Pagkasabi ay tinanggal na nito ang bonnet na nagtatakip sa mukha nito.

Napasinghap siya.

“I-ikaw?”